Philippine Overseas Employment Administration
Republic of the Philippines
Department of Labor and Employment
BFO Building, Ortigas Avenue cor. EDSA, Mandaluyong City 1501
Website: www.poea.gov.ph E-mail: info@poea.gov.ph
Hotlines: 722-1144, 722-1155

CERTIFICATION INTERNATIONAL ISO 9001:2008 CIP/4676/12/08/811
ACCREDITED QMS Certification Body Accreditation No: MSA-001

News Release
13 April 2016

# Opisina ng illegal recruiter, isinara ng POEA

Naipasara po ng mga operatiba ng Philippine Overseas Employment Administration (POEA), kasama ang Quezon City Police District at barangay officials ng Barangay Kamuning, Quezon City, ang Pointers Career Consultancy. Nahuling nagsasagawa ng illegal recruitment o recruitment ng walang POEA license ang nasabing Pointers Career Consultancy/Orbit Human Resources Limited.

Ang modus po ng tauhan ng POINTERS ay recruitment daw ng factory workers, fruitpickers, at dairy farmers para daw sa Japan at New Zealand. May singil po na P5,000 para daw sa medical examination, P5,000 registration fee, at P15,000 training fee. Padadaanin ang mga biktima sa training sa Candelaria, Quezon, at medical exam sa isang clinic. Lahat ng kabayaran ay tinanggap ng tauhan ng Pointers.

Nabisto rin na ang Pointers ay gumagamit ng ibang pangalan, ang Orbit Human Resources Limited.

Isang modus para sa mga biktima na nag-apply para maging OFW sa Japan ay ang "all-in package" sa halaga ng P90,000 at "show money" bank account sa halaga ng P300,000. Papasok daw muna bilang turista ang biktima, dahil "may sasalo" naman daw na contact ng Pointers/Orbit sa Japan, na siyang magproproseso daw ng work visa ng mga biktima.

May tatlong empleyado ng POINTERS/ORBIT ang natagpuan na nagproproseso ng dokumento ng mga biktima, sina Emelda S. De Vera, Velma C. Santos, at Noreen R. Gaspar. Si De Vera ang operations manager, at si Santos naman ang records officer ng Pointers/Orbit. Si Santos rin ang nagsagawa ng "orientation" ng mga biktima sa surveillance operations ng POEA noong Marso 2016. Itinanggi nina De Vera at Santos ang anumang partisipasyon sa illegal recruitment, at itinuro naman si Maria Corazon I. Paragas, ang President ng Pointers/Orbit, na nag-utos sa kanila na magkalap ng mga aplikante para sa training at medical exam.

Samantala, hinahanap naman ng POEA ang tatlong tauhan ng Pointers/Orbit na sina Mario Eliton C. Buquel, May L. Alberto, at Lyn Alcala, na nag-conduct ng "orientation" sa mga biktima noong surveillance operations ng POEA noong Pebrero 2016.

Kakasuhan ng illegal recruitment sa Department of Justice sina De Vera, Santos, Gaspar, Buquel, Alberto, Alcala, at Paragas.

Maging matalino, huwag magpaloko!